1

"Sir, positive po ang information. Next Friday, ten p.m. ang eksaktong pagdating ng eroplanong sasakyan nina Zxin at Gugo," tukoy ni Jason sa sikat na drug lord at sa assistant nito na ilang buwan na nilang sinusubaybayan.

Inilabas niya ang dalawang litrato na nasa folder at iniabot sa katabi at ang iba pang kopya ay iniabot nito kay *NBI* Director Jimenez na nasa tapat naman niya.

Nagpatuloy ang itinuturing na pinakamatinik na agent sa ahensyang iyon, "Tanging isang silver attache case ang dala nila. Wala silang ibang kasama; silang dalawa lamang." Itinuro niya ng stick na hawak ang dalawang litratong nasa harap nito.

Nanatiling nakatitig lamang ang kanyang superior sa mga larawan na kaharap.

"Sir, hindi ba't nakakapagtaka na sila lamang dalawa ngayon ang pupunta ng Pilipinas? At wala din susundo sa kanila sa airport. Ganoon pa man, alam kong tuso pa sa demonyo ang taong ito. May biglaang plano sila, nasisiguro ko, sakaling

magkagipitan ang kanilang sitwasyon." Tumitig si Jason sa direktor.

"I'm impressed, Agent Henares. Talagang maaasahan ka. Well, gentlemen, let's do everything we can to get these two. Mas gusto ko pa rin na buhay ninyo silang madadala rito sa kampo."

Sinimulan nilang planuhin ang gagawing pag-aresto kay Ho Ming Zxin.

"MR. ZXIN, meet your double." Nakangiting yumukod si Conrado Gugo sa matandang lalaki na nasa swivel chair.

Mula sa likuran ng assistant ay lumitaw ang tila isang clone version ng drug lord. "Sino'ng mag-aakalang hindi ako ang tunay na si Mr. Zxin?" sabi pa nito.

Tumayo at pumalakpak ang tunay na Ho Ming at tumingin sa assistant. "Good job, G," banggit nito sa pinaikling pangalan ni Gugo. Ito ang tanging tauhan na pinagkakatiwalaan niya. "Walang sinuman ang mag-iisip na hindi siya ang tunay na si Mr. Zxin."

Lumapit si Gugo sa orihinal na si Mr. Zxin, kinuha ang kamay nito, yumukod at hinalikan. Agad

naman niya itong pinatayo.

“G, hindi ako nagkamali ng taong pinagkatiwalaan ko.” Tinapik-tapik niya ang lalaki sa balikat.

“At parati ko ring sasabihin sa inyo na ako’y natutuwa sa inyong pagtitiwala.” Nagkatinginan ang dalawa at nagkatawanan.

“Let us celebrate this.” Lumakad ang matanda habang inakay ito ni Gugo patungo sa maliit na pinto na kung saan naroon ang wine cellar.

“KUYA JAY, hindi ka pa ba inaantok?”

Bahagyang tinapunan lamang ng tingin ng binata ang nag-iisang lalaking kapatid. Ulila na sila sa mga magulang.

Napansin nito ang larawan sa mesita niya. Lumapit ito at kinuha iyon. Sunud-sunod na napailing si Carlo saka umupo sa tabi ng kapatid.

“Sampung taon na ang lumipas, Kuya, hanggang ngayon ba hindi mo pa rin siya nakakalimutan?” anito.

Jason sighed. “Mahal ko si Anna kaya hindi ganoon kadali ang sinasabi mo.”

"Ang tanong, minahal ka ba niya? Ang alam ko, nang magkaroon siya ng pagkakataon na magkapagtrabaho sa Amerika at kahit hindi ka pumayag sa gusto niya ay umalis pa rin siya. Hindi ko alam na pagmamahal na palang maituturing ang ginawa niyang pag-iwan sa iyo. At isang taon lang ang lumipas matapos makipag-break sa iyo, nagpakasal siya sa isang Australyano. Ganoon ba ang klase ng babaeng habang-buhay mong mamahalin? Look, Kuya, nakita ko kung paanong muntik na niyang winasak ang buhay mo. At saka babae lang iyon. Sa panahon ngayon, madali na lang at mabilis ang babae basta may pera ka."

"Ang pinagsamahan namin ang hindi ko pa makalimutan, pero ang nangyari sa aming relasyon ay matagal ko nang nakalimutan. Hindi ka pa kasi tinamaan ng matinding pagmamahal kaya nakakapagsalita ka ng ganyan, Father Carlo." Pigil ang ngiti ni Jason dahil sa nakitang pagsimangot ng bunsong kapatid dahil sa taguri niya.

"Basta ako, Kuya, hindi mangyayari sa akin ang naranasan mo kay Anna. Sisiguruhin ko sa sarili ko na mahal na mahal ako ng babaeng napili ko." Kumindat pa ito sa kanya.

"Sinasabi mo lang iyan dahil hindi pa kinakatok

ni Kupido ang puso mo." Nakangiti na rin si Jason.

"Pinangako ko na sa sarili ko na hindi ako sasaktan ng sinumang babae, Kuya."

"Opo, Father Carlo. Tatandaan ko iyan; tingnan ko lang kung hindi mo kainin 'yan pagdating ng panahon. Imposible ang sinasabi mo. Nandito ang mga tao sa mundo para magsakripisyo, masaktan, magbayad sa mga kasalanan. Ang mahalaga ay natuto tayo sa mga nangyari sa bawat chapter ng ating buhay." Ginulo ni Jason ang naka-gel na buhok ng bunsong kapatid. At huli na para rito ang pag-iwas.

"Kuya, ang buhok ko! Ang tagal kong inayos iyan!"

"Halika nga rito." Niyakap niya ito. Gumanti na rin ng yakap si Carlo.

"Ang totoo niyan, Kuya, hindi na kita gustong makitang nasasaktan dahil mas ako'ng nasasaktan. Dahil mahal kita, Kuya."

"Alam ko 'yon. At pangako, huling-huli na ito na makikita mo ang larawan ni Anna. At salamat sa suportang ipinakita mong noong mga panahon na madilim ang mundo ko. Nakatulong din kahit paano ang pagiging pakialamero mo, Father Carlo."

Kumalas ito sa pagkakayakap sa kanya. “Ang lagay ay gan’on na lang ’yon?”

“Sabi ko na nga ba at may bayad na naman ang kunwarian mong concern para sa akin. Magkano?” Habang nagsasalita ang binata ay dumukot na siya sa bulsa at binuksan ang wallet. Saka siya tumingin sa kapatid.

Sandaling kunwaring nag-isip si Carlo. “May date ako bukas ng gabi, medyo malaki ang kailangan ko,” tugon nito mayamaya.

“O, ’ayan.” Iniabot ni Jason ang pera sa kapatid at lumakad na palayo.

“Wow! Kuya! Totoo ba ‘to? Binigyan mo ako ng dalawang libo? Thank you!” Itinaas lamang niya ang isang kamay. Nasa hagdanan na siya ay dinig niya pa rin ang sigaw ng kapatid.

Pumasok si Jason sa sariling kuwarto at humiga sa kama. *Tama ka, Carlo. Panahon na upang palayain ko ang sarili ko.*

Inilabas niya ang larawan ni Anna sa wallet, inilang hakbang ang basurahan at itinapon doon ang picture.

"ALAM MO, hindi ko alam kung ano ang dapat kong itawag sa iyo, Anna," sermon ni Bea sa kaibigan. "Sampung taon ka nang nagtitiis sa hayop mong asawa. Ano ka ba, masokista? Hindi ka nga nagkaroon ng anak sa g*gong lalaking iyon. Bakit ka ba nagtitiis sa kanya?"

Nasa ospital siya. Doon siya nagpunta pagkatapos niyang makausap ang pinsan at sabihan ito tungkol sa pag-uwi niya sa Pilipinas sa susunod na araw. Hiniling niyang sunduin siya nito sa airport.

Agad niyang tinawagan ang kanyang matalik na kaibigan, si Anna Marie. Isa rin itong nurse na gaya niya, pero dahil mayaman ang napangasawa ay hindi na ito pinagtrabaho ng mister nito. Nalaman niyang nasa ospital si Anna nang ipaalam iyon ng katulong nito.

"Wala na akong ibang kapamilya o kamag-anak sa Pilipinas, tanging si Phil na lang ang matatakbuhan ko," mahinang katuwiran ng babae. Halos maga ang mukha at nguso nito, bukod pa sa mga pasang nasa iba't ibang bahagi ng katawan.

"Matagal na kitang niyayaya na sa akin ka na tumira. Nagtataka lang ako sa iyo kung bakit takot kang iwanan ang walanghiya mong asawa," nakasimangot na sita niya sa kaibigan.

"Alam ko. Pero ayokong maging pasanin mo. Since ako ang nagdesisyon na pakasalan siya at ganito pala ang magiging kapalaran ko, dapat lang na ako rin ang magtapos ng gulong pinasukan ko." Nangingilid ang luha nito sa mga mata.

Umismid lang si Bea. "Ilang beses ko nang naririnig sa iyo ang ganyang katuwiran, pero hanggang ngayon 'eto ka pa rin, labas-pasok ka pa rin sa ospital. Kulang na lang, dito ka na tumira."

"T-tama na, Bea." Tuluyan nang napaiyak ang babae. May bahagyang awa naman na naramdaman ang dalaga sa kaibigan, pero mas umiral ang inis niya rito.

Pinagmasdan niya itong umiyak ngunit makalipas ang ilang minuto ay nilapitan niya ito.

"O, ano, tapos na ang pagdadrama mo diyan? Hindi na ako naaawa sa 'yo, Anna Marie. Dahil hindi ka rin naaawa sa sarili mo at hinahayaan mong bastusina ka ng asawa mo. Di ba parati kong sinasabi sa 'yo na iisa lang ang buhay ng tao? Kaya dapat lang na matuto na tayo sa mga experiences natin. Matigas din kasi ang ulo mo."

Hindi kumibo si Anna. Nagbuntong-hininga si Bea. Hindi niya gustong sermunan ang kaibigan,

pero dahil nga sampung taon na silang magkaibigan ay itinuturing na niya itong kapatid. Kaya naman, kapag nakikita niyang nasasaktan ito ay gusto niyang sugurin ang asawa nito at iparanas din ang pananakit na ginagawa sa kanyang kaibigan.

"Alam mo, bilib nga ako sa 'yo. Ang tapang mo, Bea; hindi kagaya ko. Tuluyan nang namatay ang natitirang tapang ko nang takasan ko ulit si Phil. Sa tuwing matatagpuan niya ako matapos kong tumakas, ang kapalit ay walang katapusang pambubugbog. Madalas nga, wala na akong nararamdaman kapag sinasaktan niya ako."

Tuluyan na niyang niyakap ang kaibigan. Maging si Bea ay hindi napigilan ang maiyak sa kalagayan ng kaisa-isang kaibigan. Sinalubong niya ang tingin ni Anna.

"Kung gusto mo, sumama ka sa akin sa pagbabakasyon ko sa Pilipinas. Sa Friday na ang uwi ko," mungkahi niya.

Ngunit umiwas ito ng tingin. "Huwag mo akong alalahanin, Bea. Nararamdaman ko rin na malapit nang matapos ang paghihirap kong ito. At kapag nangyari 'yon, mayroon akong isang taong dapat balikan—si Jason." Nakangiti ito sa pagkakabigkas ng pangalan ng dating kasintahan.

Naupo na si Bea sa gilid ng kama. Pinunasan ng palad ang mga luha sa pisngi.

"Kung gusto mo, ibigay mo sa 'kin ang address ng ex-boyfriend mo at ang picture niya. Malay mo, baka makita ko siya."

Matagal bago kumibo si Anna. "Sampung taon na ang nakakaraan, Bea. Sigurado akong wala na sa dating tinitirhan niya si Jason. At wala akong itinirang anumang larawan niya nang mag-decide ako na manatili na lang dito sa America. Alam ko naman na sa nangyayaring ito sa akin ngayon ay tumatalab na ang sumpa ng karma."

Sandaling nag-isip si Bea. "Huwag kang mag-alala. Di ba nabanggit mo sa akin na sundalo si Jason? Pagdating ko sa Pilipinas, isisingit ko ang paghahanap sa *Prince Charming* mo. O, huwag ka nang umiyak. Paalis pa naman ako. Kalimutan na muna natin ang bakulaw mong asawa na anak ni Hitler."

Nagkatawanan ang magkaibigan.

"By the way, si Sis. Rose hinahanap ka. Bago ka daw umuwi ng 'Pinas ay dalawin mo siya," tukoy ng best friend sa kaibigan nilang madre.

"I will," sagot niya. Pagkatapos ay niyakap niya

si Anna.

NAIA, Philippines. 9:45 PM…

"Flight XVL 348 from Los Angeles, California will be landing in about fifteen minutes, Sir," imporma ni Zander sa kasamahang si Jason habang sila ay naglalakad sa labas ng airport. Malilikot ang mga mata ng binata habang patuloy sa paglalakad.

"Good. Maghanda na kayo. Is everything settled?"

"Yes, Sir," anito.

Tumango si Jason at sumenyas na ito sa lalaking pumunta na sa puwesto nito.

Eksaktong alas diez ng gabi ay tumapak sa tarmac ang eroplanong hinihintay nila Jason na kung saan ay ilan sa mga pasahero ay sina Ho Ming Zxin, Conrad Gugo at Bea.

Habang bumababa sina Zxin at Gugo ay kasunod ng mga ito ang walang kamalay-malay na dalaga.

Pinagmamasdan sila ni Jason sa hawak na telescope mula sa kinaroroonan nito. Nagbigay ito ng instructions sa mga kasamahan gamit ang

kanilang state-of-the-art communication gadgets na nakakabit sa likod ng tainga ng mga ito.

"Eagle One, move to east immediately. I repeat, move to east." Muli itong tumingin sa teleskopyo. Nakita niyang pumasok sa executive lounge ang dalawang lalaking hinihintay.

"F3F, move to the nearest exit from executive lounge." Matapos marinig ang sagot ng mga tinawagan, mabilis na kumilos si Jason.

Habang naglalakad ay pasulyap-sulyap ito sa kanyang likuran at nang bumalik ang paningin sa dinaraanan ay may nabangga siyang babae.

"Ay! Ano ba!" galit na sita ni Bea kay Jason. Halos matumba siya sa malakas na pagkakabangga ng lalaki sa kanya. Nabitawan niya ang mini travel bag na hawak. Nang dadamputin na ng dalaga ang bag ay nagkasabay silang yumuko ng estranghero.

"Aray! Ano ba, kanina ka pa!" singhal niya rito matapos silang magkauntugan.

"Sorry. Hindi ko sinasadya, Miss," paumanhin nito.

Inagaw ni Bea ang bag na inaabot ng lalaki sa kanya. Napansin ng dalaga na malikot ang mga

mata nito.

"Ano ba, bitiwan mo na ang bag ko," asik niya nang manatili pa rin iyong hawak ng lalaki. "Sa susunod, mama, tumingin ka naman sa dinadaanan mo. Hindi iyong tatanga-tanga kang parang bagong salta sa Maynila."

Pagkasabi niyon ay mabilis na inagaw niya ang gamit at inirapan ito bago tuluyang iniwan.

"Suplada," bulong naman ni Jason sa sarili. Noon niya narinig ang boses ng kasamahan mula sa earpiece niya. "Yes, Fuentes, reveal your destination."

"Sir, I am now at the North side of the building. I'm confused, Zxin is also at the north side of the building."

"What!" Nagsalubong ang mga kilay ni Jason. At nang mapadako ang tingin sa kanang bahagi ng kinatatayuan niya ay nakita ang Ho Ming Zxin na tinutukoy ng kasama.

"Damn it! He is here on the West side! Sinundan ko siya. Pero huwag ninyong tatantanan ang Zxin na nandiyan sa kabilang side. Damn it! Hold on." Sandaling nag-isip si Jason at muling nagsalita. "Napansin mo ba na may dalang silver attaché case ang Zxin na nakita ninyo?"

"No, Sir," Tugon ng nasa linya.

Agad na nagpaalam si Jason sa kausap at sinundan si Zxin na papasok ng rest room. Nagtago siya sa lugar kung saan abot-tanaw niya ang labasan ng banyo. Ilang minuto ang lumipas ngunit walang Zxin na lumabas mula roon. Lumipas pa ang limang minuto ay isang Chinese na babae ang lumabas na ang tanging dala ay mini travel bag at nakita niyang sumakay agad ito ng taxi. Lumipas ang anim na minuto lumabas ang isang babae. Nagmamadaling tinakbo nito ang phone booth. At natuon ang mga mata ni Jason sa hawak nitong silver attaché case.

Agad niyang tinakbo ang kinaroroonan nito at inabutan niyang akmang papaalis ang babae sa phone booth.

Sinunggaban niya ito kaya pareho silang bumagsak sa semento.

"You are under arrest, Miss. Huwag ka nang tumakas, masasaktan ka lang." Natigilan si Jason habang pinoposasan ang babaeng nasa ilalim niya.

"Ikaw na naman! Ano ba ang problema mo at parati mo akong sinusundan!" angil nito.

Sandali lang ang pagkabigla ng binata. Itinuloy niya ang pagpoposas rito. "Sino ang mag-aakalang

kasabwat ka ng bruhong Zxin na iyon?" Gumuhit ang sarkastikong ngiti sa mga labi ni Jason at pinasadahan ng tingin ang mukha at buong katawan ng dalaga. "Sa ganda at pagkainosente ng iyong mukha, walang mag-aakalang kagrupo ka nila."

"Ano'ng pinagsasasabi mo? Hoy, mama, pakawalan mo ngayon din ako kung hindi, tatawag ako ng pulis!"

2

Mula sa airport ay dinala ni Jason si Bea sa *NBI* office. Naiwan ang mga kasamahan nito sa airport na patuloy na hinahagilap sina Zxin at Gugo.

Hinila siya ng lalaki papasok sa isang private room na may one-way mirror. Sa kabilang panig niyon ay naroon ang tatlong special agents na makakakita sa lahat ng nagaganap sa kabilang kuwarto.

Pilit na pinaupo ni Jason ang dalaga paharap sa salamin. "Now, you can talk." Umupo naman ito sa isang gilid upuan sa kanan nito.

"Ano ba ang kailangan mo sa akin?" nandidilat na tanong ni Bea sa lalaking nagpakilalang Jason Henares, isang *NBI* agent.

Bumukas ang pinto at pumasok ang isa pang lalaki. Inilapag nito ang attaché case sa lamesa at binuksan.

"Sir, very confidential ang mga papeles na nasa attaché case. Ayon sa nabasa ko, nakasaad dito ang mga schedules ng pagdating ng mga droga at pati na rin ang mga pangalan ng sa hula namin ay mga nagsu-supply nito sa kanila," anito kay Jason bago

sumulyap kay Bea.

Pagkatapos nagtinginan ang dalawang lalaki nang makahulugan. Tumango ang mas matangkad na lalaki at lumabas na ng silid ang isa pa, iniwan nito ang attaché case na dinala nito roon.

"Aamin ka ba o patuloy tayong magkukulitan?" tanong ng lalaki sa kanya.

Umirap si Bea. Sayang dahil naguguwapuhan pa naman sana siya rito. Parang napakalakas at napakatapang ng aura nito sa paningin niya. Kaso, hindi niya gusto ang paghihinala nito sa kanya.

"Ilang beses ko bang sasabihin sa inyo na hindi ko kilala ang pangalang binabanggit ninyo? At hindi sa akin ang attaché case na iyan!"

"Really?"

"Talaga! Nang pumasok ako sa rest room, saglit ko lang iniwan sa gilid ng wash basin ang travel bag ko, pagbalik ko, wala na iyon doon. At ikaw ang makakasiguro na n'ong mabangga mo ako at iabot mo sa akin ang bag ko, di ba, hindi naman attache case ang dinampot mo?"

Hindi kumibo si Jason. Nanatiling nakatitig lang sa dalaga, tila naroon sa maamo nitong mukha ang

kasagutan sa kanyang mga tanong.

"Madaling magdahilan, Miss, lahat ng mga kagrupo sa sindikato ay sinasanay panindigan ang kanilang sinasabi, totoo man ito o hindi." Walang anumang ekspresyon sa mukha ni Jason.

Pigil na pigil ang galit ng babae. "Fine. Kung ayaw mong maniwala sa sinasabi ko puwede mong tawagan ang pinsan ko. Her number is 63—"

"Malay ko kung ang tatawagan namin ay kasamahan mo rin?" putol ni Jason sa sasabihin niya.

"This is bullsh*t! I am a nurse, I work in Los Angeles, *Saint Thomas Hospital*. You can just have it verified maniwala ka at tumigil na sa pagdududa sa akin," naninindigang saad ng babae.

"Relax ka lang, Miss. Mas lalo ka sigurong matataranta at magagalit kapag apat pa kaming magtatanong sa iyo. Ang totoo niyan, sa kabilang kuwarto ay may tatlo pang special agents na pinag-aaralan ang bawat kilos mo… maging ang pagbuka ng bibig mo." Natigilan si Bea at bahagyang natakot. Ngunit hindi niya iyon pinahalata. "Okay, ang sabi mo iniwan mo ang bag mo sa gilid ng lababo. Ibig mo bang sabihin ay may nagnakaw ng bag mo?"

"Oo. Naghinala akong ang lalaking kasunod ko na ang pumasok din sa ladies' room, imbis na sa men's room."

Kumunot ang noo ni Jason. Nagpatuloy si Bea, "Habang nasa loob ako ng banyo ay narinig kong may pumasok sa banyo at sigurado akong lalaki iyon dahil nakita kong panlalaki ang pares ng sapatos niya. Ilang segundo lang ang lumipas, nang buksan ko na ang pinto ng cubicle, wala na ang lalaki pati na ang travel bag ko."

Hinimas-himas ni Jason ang baba habang nire-recall sa utak ang buong pangyayaring naganap sa paliparan.

"Kaya ang ginawa ko ay mabilis akong lumabas dala ang attaché case. Ang mali ko lang, tinawagan ko muna ang pinsan ko imbis na mag-report kaagad sa customer service. Nauna ko kasi iyong naraanan at kailangan ko ring alamin kung nakaalis na sa bahay ang susundo sa akin. Pero nagri-ring lang ang telepono kaya nasiguro kong nasa labas na siya ng airport at naghihintay sa akin. At saka pa lang ako pupunta sa information booth para mag-complain na ninakaw ang bag ko at iwanan ang attaché case sa kanila."

Naghalukipkip ang binata. Tumingin sa one-way

mirror at sumenyas. Mayamaya ay bumukas ang pinto at may dala-dalang papel ang matangkad na lalaking pumasok sa silid. Iniabot nito sa guwapong lalaki ang papel na hawak. Agad na binasa ni Jason ang mga papeles at saka padabog na inihagis ang papel sa malapit na long table. Nakita ni Bea na hindi na maipinta ang mukha nito. Pero sa paningin niya ay lalong naging guwapo ang lalaki.

Napasibangot ang dalaga. Ano at naa-appreciate niya ang hitsura nito, gayong ito ang dahilan kung bakit nararanasan niya ang nightmare na kinasasadlakan niya ngayon?

Gayon na lamang ang gulat ni Bea nang biglang yumuko ang lalaking kaharap. Halos isang dangkal na lang ang layo ng mukha nito sa mukha niya.

Hindi niya naitago ang kaba at takot na naramdaman. At tila napansin iyon ng lalaki. Tumaas ang mga kamay nito, hinawakan siya sa magkabilang balikat at itinayo. May kinuha ito sa bulsa. Nakahinga si Bea nang sinusian nito ang posas na nasa mga kamay niya.

“We had verified your character. Pansamantala kang lalaya but you are still under my custody. Maliwanag ba, Miss Bea?” Sa tingin niya ay masama sa loob nito ang pagpapalaya sa kanya. Naniniwala

yata talaga na may koneksyon siya sa sikat umanong drug lord.

"At ngayong napatunayan ko na wala akong alam sa ibinibintang ninyo sa akin, siguro naman ito na ang una at huli ninyong paggambala sa akin," matatag na asik ni Bea.

Payak na ngiti lang ang isinagot ng lalaki. "Ang sabi ko, you are still under my custody. Ibig sabihin n'on, babantayan ka pa rin namin. Susundan ka namin saan ka man magpunta. Dahil ang taong kagrupo mo ay isang matinik na drug lord na kilala sa buong Asia."

"How dare you do this to me! Ininsulto mo na nga ako, pati ba naman ang privacy ko pakikialaman mo pa!" sikmat ng dalaga sa sobrang sama ng loob.

"I'm sorry but I will not set you free unless you prove yourself innocent and not guilty beyond reasonable doubt."

Napatayo siya. "I had proven myself al—"

"Hindi lang ang faxed document na nagpapatunay na sa hospital sa Amerika ka nagtatrabaho ang magiging basehan namin. Nurse ka man, hindi niyon pinapatunayan na wala kang koneksyon kay Zxin. Nagkataon lang sa ngayon ay wala pa kaming

makuhang ebidensya laban sa iyo."

"You know what, you are sick!" Naputol nang tuluyan ang pisi niya. "Alam mo bang sa ginawa mo sa akin ay puwede kitang idemanda? Pinagbibintangan mo ako na kasama ng isang drug lord! Oh hell, this is really ridiculous! Wala akong pakialam kung ano ang pinaniniwalaan mo o basehan mo laban sa akin, basta sinasabi ko sa iyo, ito na ang una at huli na makikita ko ang pagmumukha mo!" sigaw ni Bea habang nakatingala sa lalaki at dinuduro ang dibdib nito.

Tumaas ang isang kilay ni Jason. Pigil naman ang ngiti ng matangkad na lalaki na kasama nito.

"At kung hindi ako pumayag?" hamon ng lalaki.

"At bakit hindi ka papayag?" mataray na balik-tanong niya.

"Dahil nasa akin ang huling desisyon kung pakakawalan kita o hindi."

Isang malakas na sampal ang dumapo sa pisngi ni Jason. Pero hindi man lang natinag ang lalaki.

Si Bea ang kinilabutan sa nakitang dilim sa mukha ng nito. Bahagya siyang napaurong. Napatili siya nang ilapit ng lalaki ang katawan niya sa

katawan nito.

Ilang sandaling nanatili sila sa ganoong posisyon.

Nagpilit makakawala ang dalaga sa pagkakahawak ni Jason sa kanyang baywang, pero parang pader ito na hindi matinag. Muntik nang matumba si Bea nang bitawan siya nito.

Tumalikod si Jason at muling umupo. Noon naman biglang tumunog ang cellphone niya.

"Yes, Zander?" pagsagot niya sa telepono.

"Sir, nakatakas po sina Zxin at Gugo."

Sa narinig ay naikuyom niya ang kamay. "See me now here in the office." Pagkatapos ay ini-off ang cellphone at ibinalibag iyon sa pader. Bumagsak iyon sa sahig na wasak na.

Napagbalingan niya ang dalagang inaakalang kasamahan ng drug lord.

"Makakaalis ka lang dito kung papayag kang lagyan namin ng surveillance cameras ang loob at labas ng bahay na tutuluyan mo. Wala akong pakialam kung hindi ka sang–ayon sa gusto ko."

"May magagawa pa ba ako? At kahit tumanggi ako ay sigurado akong nakapagdesisyon ka na,"

sarkastikong sagot ng dalaga.

“Kung gayon, simulan na natin. Ako ang maghahatid sa iyo nang sa ganoon ay malalaman ko kung saan ka talaga naka—”

“Tama na. Pagod na ako, gusto ko nang magpahinga. Ihatid mo na ako kung iyan ang gusto mo.”

Tumitig si Jason sa dalaga. Ganoon din ang ginawa ni Bea. Ilang sandaling naglaban ang mga mata nila.

“Ehem. Sir, nakahanda na po ang gagamitin mong sasakyan upang ihatid si Miss Bea.”

Hindi pinansin ni Jason ang pasaring ng kasamahan. Nagtuluy-tuloy itong lumabas ng pinto. Inalalayan naman ng isang kasamahan nito ang dalaga.

KAPWA TAHIMIK sa loob ng kotse sina Jason at Bea. Nananatiling nakatingin sa labas ng kotse ang dalaga, samantalang seryosong nagmamaneho ang lalaki.

“Nakakaantok magmaneho kapag walang kausap.” Sinulyapan nito ang katabi at tinapik ang

balikat niya.

“Ano ba!” singhal ni Bea.

“’Ayan. Sa wakas, may kausap na ako.”

Nakangiting sinulyapan siya muli ni Jason, ngunit nanatili siyang nakatingin sa labas ng kotse kaya hindi niya iyon nakita. Hindi niya inaasahan ang sumunod na ginawa nito.

“Ano ba! Bitiwan mo ako!” Pilit na inaalis niya ang isang kamay nito na nakaakbay sa balikat niya.

“Para ka naming tigreng parating nakaangil,” sita nito, saka inalis ang pagkakaakbay sa kanya.

“At ikaw, para kang sawang parating nanlilingkis.” Nakasibangot na inirapan niya ang katabi.

Natawa ang lalaki kaya hinarap niya ito.

“Ano’ng nakakatawa?” singhal ni Bea.

“Wala. Gusto ko lang tumawa.” Pinisil nito ang baba niya at huli na para umilag.

“Ang bilis talaga ng kamay mo,” kunwaring reklamo niya. “Puwede ba, huwag mo akong hinahawak-hawakan. Ang usapan lang natin ay ihatid ako sa titirhan ko at bantayan ang bawat kilos ko.”

"Alam ko." Nagkibit-balikat ito.

"Alam mo pala, so dapat lang na hindi ka lalagpas sa napagkasunduan."

Biglang nagpreno si Jason. Kasabay din ng pagsubsob ng mukha niya sa salamin.

"Galit ka ba?" sarkastikong asik niya.

"Hindi," tila absent-minded na anito. Muling pinaandar nito ang kotse at sinulyapan ang katabi. "Nasaktan ka ba?"

"Ay hindi. Muntik lang mabura ang mukha ko sa pagkakasubsob sa salamin."

Ang pigil na ngiti ni Jason ay nauwi sa tawa.

Hindi na lang kumibo ang dalaga. Asar talaga siya sa preskong katabi, pero ang nakakagulat ay hindi sumasang-ayon ang kanyang puso roon.

"Alam mo bang sa loob ng sampung taon ay ngayon lang ako nangiti at natawa muli," imporma nito.

"And so? Ano ang pakialam ko?"

"Ayaw mo n'on, ikaw ang naging dahilan ng muling pagngiti at pagtawa ko."

Nagsalubong ang mga kilay ng dalaga. Nakita iyon ni Jason at muli itong napangiti.

May napansin naman si Bea. “Ganyan ka ba talaga mag-drive? Ang bagal,” puna niya.

“Sige, bilisan natin.” Tinapakan nito ang gas pedal at agad humarurot ang kotse. Mahigpit namang napakapit ang dalaga sa dashboard.

“Itigil mo! Itigil mo sa tabi!” sigaw niya.

Agad na inihinto ng binata ang sasakyan.

Nandidilat ang mga matang tiningnan niya si Jason. “Papatayin mo ako sa nerbiyos! Ang mabuti pa siguro, humanap na lang ako ng taxi para makauwi na ako!” himutok niya.

“Sabi mo mabagal kaya binilisan ko,” katuwiran nito.

Nang akmang bababa si Bea ng kotse ay agad na pinindot ng binata ang automatic lock ng sasakyan.

Biglang naging masungit muli ang tono nito. “Sa ginagawa mong iyan, lalong hindi ka agad makakauwi. Inisin mo pa ako, sa opisina ka na titira.”

Natahimik si Bea.

Pero teka nga, bakit siya sumusunod sa kumag

na ito? Sa pagkakaalala niya, walang sinumang lalaki ang nagdikta sa kanya.

Isinandal ni Bea ang likod sa upuan. Pakiramdam niya, bawat himaymay ng buong katawan niya ay pagod, maliban sa kanyang puso na nagre-rejoice!

"Bakit ka huminto na naman?" tanong niya.

Tumingin muna ito sa relo at saka siya tiningnan.

"Gutom na ako. At huwag mong sabihin sa akin na ikaw ay hindi."

"Wala akong nararamdaman na anumang gutom, kaya paandarin mo na ang kotse, okay?"

Saglit siyang tiningnan ng katabi. Pagkatapos ay humawak sa handle ng pinto sa tabi nito.

"Kung hindi ka sasama sa akin, ikaw na muna ang magbantay nitong sasakyan," simpleng sabi nito.

Sumimangot na tiningnan niya ito. "At iiwanan mo ako rito?" Nagpalinga-linga siya; bahagya siyang kinilabutan nang mapansin na naroon sila sa madilim na bahagi ng highway.

"Ganoon na nga. Pero dadalhin ko ang susi. Mahirap na, alam ko naman, sa hitsura mo pa lang

na marunong kang magmaneho.” Pinaglaruan nito sa kamay ang nasabing car keys. “Iyon nga lang, I have to warn you. Dating tapunan ng salvage victims ang lugar na ito. Kaya kung maiwan ka dito at may mapansin kang naglalakad na walang ulo at kakatok sa bintana ng kotse….” Sadyang ibinitin ni Jason ang susunod pang sasabihin nang mapansing nanlalaki ang mga mata ng dalaga.

Nang akmang bubuksan ng lalaki ang pinto, mahigpit niyang hinagip ang braso nito. “Talagang napaka-ungentleman mo! Iiwan mo akong mag-isa dito, alam mo na palang may mga gumagalang multo rito!” singhal niya.

Marahas na bumuntong-hininga si Jason at napailing.

“Talaga naman kayong mga babae, oo, masyadong imposible.” Muling isinara nito ang pinto ng kotse. “Tinatanong kita kanina kung nagugutom ka, dahil ako, magtu-twenty hours nang hindi nasasayaran ng pagkain ang bituka ko.” Tumitig ito sa kanya. “Isang tanong, isang sagot… sasama ka ba o hindi?”

“Gusto ko nang makauwi,” maktol niya.

“’Oo’ o ‘hindi’ lang ang kailangan kong sagot.”

Nag-iinit na rin ang ulo ni Jason.

Hindi umimik si Bea. Limang minuto pa ang lumipas ay nanatiling tahimik sila.

Ang *NBI* agent ang bumasag sa nakabibinging katahimikan. "Ano? Wala ba akong kausap dito?" Hindi pa rin kumibo ang dalaga. "Kung gan'on, lalabas na 'ko at kakain. Ikaw naman, maiwan ka dito mag-isa." Pagkasabi niyon ay muling binuksan nito ang pinto.

"Sandali! Sasama na ako!" pasigaw na anang dalaga.

Mapaklang nginitian siya ng binata. "Sasama ka rin pala, ang dami mo pang arte."

Nauna itong lumabas, halos hindi maipinta ang mukha na sumunod naman si Bea. Malapad ang ngiti na sinalubong siya ni Jason upang alalayan ito ngunit iniiwas niya ang braso.

"I can manage." Nagpatiuna siya sa paglalakad.

"Ikaw ang bahala. Naisip ko lang naman na hindi mo kabisado ang daan dito." Habang nasa likuran nito ay malaya niyang napagmasdan ang nurse.

She has a perfect body; very sexy, very feminine, hindi napigilang komento sa isip ng binata.

Lumipad ang tingin nito sa suot na sapatos ni Bea at napapalatak.

I wonder kung aabot ito sa kakainan namin… Naputol ang sinasabi sa isip niya nang marinig ang sigaw ng kasama. Mabilis na nakalapit siya sa tabi nito.

"Aray, buwisit. Natapilok tuloy ako," mahinang maktol nito habang hinihimas-himas ang kanang paa. Agad na inalalayan siya ng binata, pero muli niyang iniiwas ang braso.

"Leave me alone," asik niya.

3

Malayo na ang nilalakad ni Jason nang huminto ito dahil limang dipa pa ang layo niya. Nilapitan siya nito.

"Tama ang hula ko. Sa taas ba naman ng suot mong sapatos, sigurado akong hindi ka aabot sa restaurant na kakainan natin."

"Kaya ko naman, ah. Kahit masakit ay tinitiis ko!" sagot niyang pasinghal. Ngunit napangiwi siya nang muling ilakad ang paa.

"See, hindi mo kaya. Kaya bubuhatin na lang kita."

"No way!" malakas na tanggi niya. Humigpit ang hawak nito sa baywang niya upang lalong magkalapit ang kanilang katawan. Dumoble ang tibok ng puso ni Bea. Simbilis ng napanood niyang car racing sa France.

Maging si Jason ay ganoon din ang naramdaman. Pinilit niyang hindi pansinin ang kung anong pakiramdam niya habang halos gadangkal na lang ang layo ng mukha niya sa dalaga. Ang alam niya, matagal nang natulog ang ganoong klase ng

damdamin sa puso niya simula nang iwan siya ni Anna.

Napamura ang lalaki nang ma-realize na bumabangon ang damdamin na matagal na niyang ibinaon.

Napakagat labi naman si Bea. “P-puwede bang bitawan mo na ako?” pakiusap ng dalaga. Kung hindi niya gagawin iyon, ewan niya kung ano pa ang kasunod na mangyayari. Hindi ito kumibo, sa halip ay walang babalang binuhat siya.

“What are you doing?” nahihiyang tanong ni Bea.

Napangiti ang ilang nakasaksi sa ginawa ng binata.

“Hindi pa naman ako ganoon ka-ungentleman. May puso pa rin ako,” bulong nito sa tainga niya.

Oh, my God! Napapikit ang dalaga dahil sa kiliting naramdaman sa ginawing iyon ng binata.

“Ibaba mo na ako,” muling pakiusap ni Bea. Huminto ito sa paghakbang at tumitig sa maamong mukha niya.

“Ano ba’ng problema na karga kita?” tanong nito sa mas mahinanong tono.

"Hindi ako sanay na pinagtitinginan ng mga tao. B-baka kung ano ang isipin nila," alanganing sagot niya.

Napangiti si Jason. Nagpatuloy ito sa paghakbang habang buhat siya. "Bakit, ano ba sa palagay mo ang iniisip ng mga taong nakatingin sa atin ngayon?" animo nanunuksong anito.

Umiwas siya ng tingin.

"Come on, say it. Sa tingin ko, matagal-tagal mo pang makikita ang pagmumukha ko, kaya dapat lang na maging at ease na tayo sa isa't isa. Wala nang lihiman," himok nito sa kanya.

Derechong tumingin siya sa binata. "Baka isipin nilang may relasyon tayo, or worse, akalain nilang m-mag-asawa tayo." Hindi niya napigilang manginig habang nagsasalita. Dama niya ang balahibo ng lalaki sa kanyang braso kapag dumidikit ito and it was giving her a tingling sensation down her spine.

"Ano'ng masama roon? Wala akong makitang magiging problema," simpleng sagot nito.

"Sa 'yo siguro, walang masama. Pero sa akin, meron." Naiinis siya dahil kalmado lang ang lalaki samantalang siya ay hindi. Halos ilang beses nang nalaglag at dumikit muli ang puso niya sa sobrang

kaba.

"Bakit, first time mo bang nakarga ng lalaki?" Hindi siya sumagot.

Lumapad ang ngiti nito nang mapansing namumula na ang magkabilang pisngi ni Bea.

"Oh, hell! Bilisan mo na nga ang paglalakad at nang matapos na ito."

"Shh," saway ni Jason. "Sa halip na puro ka maktol diyan, i-enjoy mo na lang ang totoong nararamdaman mo. Anyway, hindi parating mangyayari na kakargahin kita. Nagkataon lang na kailangan sa sitwasyon." Huminto ito sa paglalakad at derechong tumingin sa mukha niya. "Totoong maganda ka at kahit sinong lalaki, agad na mapapansin iyon. Ang problema, hindi ko type ang mga babaeng masyadong maingay."

Nawalan siya ng sasabihin. Hindi niya napaghandaan ang sakit na pumuno sa puso niya.

"DON'T YOU like the food?" narinig ni Bea na untag ni Jason.

"Tapos na ako," sambit niya.

"Tatlong subo lang, nabusog ka na? Kaya naman pala you're skinny," malamig na komento nito saka walang anumang nagpatuloy sa pagkain.

Padabog na ibinaba ni Bea ang basong hawak.

Napatingin naman ang lalaki sa kanya. "O bakit na naman ganyan ang tingin mo sa akin? Para kang wolf na naghahandang kainin ako."

"Bilisan mo na ang pagkain at gusto ko nang umuwi," asik niya.

Mabilis siyang tumayo at iniwan ang lalaki. Tumuloy siya sa tabi ng sasakyan nito.

Makalipas ang isang oras ay dumating si Jason. Nakita nitong nakasandal ang babae sa pinto ng kotse. Walang kibong sinusian nito ang pinto. Agad namang lumulan doon si Bea.

Tahimik ding pumasok sa loob ng kotse si Jason. Nagsalubong ang mga kilay nito nang lingunin siya at may mapansin.

"Napa'no ang mukha mo?" usisa nito.

"Obvious ba? Pinapak lang naman ako ng lamok," pabalang na sagot niya.

"At sino'ng may kasalanan?"

"Alam ko ring ako, kaya kung puwede lang patakbuhin mo na ang kotse at talagang uwing-uwi na ako."

Ngumisi ito. "Your wish is my command, my queen," sabi pa nito. Pero nawala ang ngisi nito nang mapansin ang pulang *Toyota Corolla* na nakita niyang nakasunod sa kanila kaninang bigla siyang huminto. Lumagpas lamang ito nang bigla siyang huminto.

Kaninang papalapit siya sa dalaga napansin niyang may papalapit na lalaki kay Bea. Ngunit nag-iba ito ng direksyon nang makitang paparating siya.

At ngayon, nakasunod na naman ang sasakyang iyon sa kanila.

Kahit kailan ay hindi pa nagkamali ng kutob si Jason. This time, sigurado siyang mga kasamahan iyon nila Zxin, Gugo...

At ni Bea, dugtong ng isip niya.

Humigpit ang hawak niya sa manibela. At nagulat ang kanyang katabi nang umabot na sa one-hundred twenty ang bilis na kanilang tinatakbo. Paliko-liko ang takbo ng kotse kapag umiiwas sa kapwa kotseng nasa kanilang unahan.

Napansin iyon ng dalaga. Halos lumilipad na ang kanilang sinasakyan. Nagulat siya nang umabot sa Sta. Rita Exit ang kotse nila.

Matapos magbayad ng toll ang lalaki ay nagsalita na si Bea, "Alam mo ba ang daan papunta sa tutuluyan ko? Baka gusto mong ituro ko?"

Hindi siya pinansin nito. Napansin niya naging sixty na uli ang takbo nila.

Napangiti ito, pero hindi sumagot.

"Narinig mo ba ako?" galit na sita ni Bea.

"Oo. Alam ko ang address na uuwian mo. Pero may konting pagbabago, sa rest house ko sa San Ildefonso ka pansamantalang titira."

Namilog ang mga mata niya at nalaglag ang panga. "You are so impossible. Nagdesisyon ka nang hindi man lang ako tinatanong kung papayag ako sa ideyang iyon?" pagtataray niya.

"Baka nakakalimutan mong you are still under my custody. Alam ko kung ano ang mabuti at masama para sa iyo."

Hindi niya pinansin ang paliwanag nito. "Wala kang karapatang manghimasok sa buhay ko. Para ka lang kabuteng biglang dumating sa buhay ko, Agent

Jason Henares, at hindi ako natatakot sino ka man," gigil na saad niya.

Lalong tumigas ang anyo nito. "Pasensyahan na lang tayo. Ginagawa ko lang kung ano ang dapat at tama. Hindi ko na kailangang alamin kung ano ang nararamdaman mo. Sa isang katulad mong kaaway, dapat lang na mag-ingat ako."

"You brute!" Huli na para malaman ni Jason ang gagawin ni Bea. Mabilis na inagaw niya ang manibela at sabay na tinapakan ang preno. Mabilis na nakalabas ng sasakyan ang babae. Tumakbo siya papalayo ngunit mabilis itong nakasunod.

"And where do you think you're going?" sigaw nito.

"Wala kang pakialam!"

Hinawakan nito ang braso niya nang marahas at nawalan ng panimbang si Bea. Sabay silang natumba, napadagan ito sa kanya.

Nagsisigaw siya dahil sa sobrang galit, frustration, pagod at sakit.

"Shut up!" singhal ng binata.

Agad itong tumigil, pero hindi napigilan ang pagtulo ng luha.

Bigla siya nitong niyakap nang mabini. “Tama na.” Ginamit nito ang palad sa pagpahid ng luha sa mga pisngi niya.

“Leave me alone,” inis pa rin na sikmat niya.

“Hindi kita iiwan kahit ano pa ang mangyari, Bea,” mahinang sabi nito.

Natahimik ang dalaga. For the first time, binanggit ng lalaki ang kanyang pangalan. At masuyo ang pagbigkas nito na para bang totoong may concern ito sa kaligtasan niya, kabaligtaran ng sinabi nito na maaaring kakampi nga siya ng Zxin na iyon.

Sandaling namayani ang katahimikan sa pagitan nila.

Bumangon si Jason. Inilahad nito ang kamay sa dalaga at inalalayan siyang tumayo.

“Hindi ka ba nasaktan?” tanong nito habang pinapagpagan ang nadumihang likuran niya.

Umiling lang si Bea.

“Let’s go.” Hinila siya nito pero hindi siya kumilos. Tiningnan siya nito nang mataman. “Okay, tell me, ano ang gusto mong mangyari?”

"I want my freedom back. I want you to leave me alone."

Para siyang binaril derecho sa puso sa narinig. At ni hindi niya alam kung bakit. "Iyon ang gusto mo?"

"Y-yes." Si Bea naman ay nagtataka sa sarili dahil parang hindi na siya sigurado sa naging sagot.

"Sigurado ka?"

"S-sigurado ako."

Marahas na bumuntong-hininga si Jason. Tumangu-tango at muling tiningnan ang babae.

"Okay, I am giving you thirty minutes to decide kung sasama ka pa sa akin o hindi na. But if you'll choose to leave, then mag-isa kang uuwi sa tutuluyan mo. At gusto ko ring ipaalam sa 'yo na malaki ang posibilidad na hinahanap ka rin nina Zxin at Gugo dahil iniisip nilang nasa 'yo pa ang attaché case nila." Pagkasabi niyon ay tumalikod na ito at binalikan ang kotseng iniwan.

Naiwang tulala si Bea.

Binuksan ni Jason ang car stereo at nilakasan ang volume niyon. Sumandal siya sa driver seat at sa kabila ng dagundong ng rock na tugtog, dinig

niya ang pagtatalo kanyang isip at puso.

What is wrong with you, Henares? Babae lang iyan. Dinadramahan ka lang, lumambot na agad ang puso mo, anang isip niya. *Tanga ka kung magpapakasira ka na naman sa isang babae.*

Bigla siyang napadilat nang marinig ang sunud-sunod na katok sa salaming bintana sa tapat ng passenger seat. Bumukas ang pinto at tahimik na umupo si Bea sa tabi niya. Tiningnan siya nito.

"Sasama ako sa iyo… sa isang kondisyon."

"Ano iyon?"

"Huwag mo naman sana akong itrato na isang kriminal. Biktima lang ako ng maling hinala. At sigurado akong hindi magtatagal mapapatunayan ko sa iyo na wala akong kinalaman sa ibinibintang ninyo sa akin. Kaya lang ako nagdesisyong sumama sa iyo dahil baka isipin mo pang talagang may kinalaman ako sa mga dokumentong nakuha ninyo sa attaché case. Gusto ko ring malinis ang pangalan ko sa muling pagbabalik ko sa Amerika. Iisipin ko na lang na ang lahat ng nangyayaring ito ay pagsubok lang sa katatagan ko."

"Naiintindihan ko," maikling tugon ni Jason.

Tahimik na pinaandar niya ang kotse.

"ITO ANG MAGIGING kuwarto mo, Bea," sambit ni Jason sa kasunod na dalaga.

Binuksan nito ang switch ng ilaw at bumulaga ang simpleng ayos ng kuwarto. Isang queen-size bed ang nasa gitna ng kuwarto, may settee, side table, dalawang book shelves, isang cabinet na lagayan ng damit at tatlong lamp shades na nakadikit sa dingding.

"Sigurado akong sa iyo ang kuwartong ito," aniya sa lalaki dahilan sa asul na pintura ng dingding at ceiling.

"Tama ka. Hindi pa kasi masyadong ayos ang guest room. Bihira lang kasi akong manatili dito, kapag naisipan ko lang." Nakasuksok ang dalawang kamay nito sa bulsa ng pants nito.

"Hindi ba nakakahiyang ako ang patutulugin mo sa kuwarto mo at ikaw ay sa guest room?" casual na tanong ni Bea.

"Walang problema. Ako pa nga ang nahihiya dahil walang kaayos-ayos 'tong bahay ko." Napakamot ito sa ulo and it made him look a little boyish.

Napangiti naman si Bea. “Wala iyon, flexible naman ako. Kahit saan mo ako isiksik, okay lang. Basta huwag lang akong gugutumin at may matutulugan naman, ayos na ako.”

“Ganoon ba? Sigurado akong gutom ka na dahil hindi ka naman masyadong kumain kanina.”

Hindi umimik si Bea. Tama ang lalaki.

“Don’t worry, marami akong stocks na pagkain dito. Ipagluluto kita ng special na pagkain.”

“Naku, salamat!” masayang sabi niya.

“O, sige, iwan na kita. Mag-shower ka na.”

Nawala ang ngiti ni Bea at napansin iyon ni Jason.

“Bakit?” untag nito.

“Mukhang may problema ako. Wala akong damit na pamalit sa damit na suot ko,” nahihiyang aniya.

“Oh!” Napatapik ito sa noo. “Bakit ba hindi ko naisip na dumaan sa bukas na mall na nadaanan natin kanina?” Sandali itong nag-isip kung ano ang magandang gawin. Mayamaya ay tinungo nito ang cabinet, binuksan at kumuha ng kung ano. Inihagis

nito ang nakuhang damit kay Bea.

"Siguro naman ay kasyang-kasya sa iyo iyan. Maliit lang naman ang katawan mo," anito.

Tiningnan niya ang long-sleeved shirt. Mukhang aabot sa hita niya ang haba niyon. Muli niyang sinalo ang isa pang iniitsa nito. "B-boxer shorts?"

Hindi ba masyadong intimate kung pati iyon ay ipapagamit nito sa kanya?

"Bago 'yan. Maliit ang size kaya hindi ko pa naisuot 'yan kahit minsan." Ngumiti si Jason sa kanya na para bang alam nito kung ano ang laman ng isip niya.

Imbis na mainis gaya kanina, ngumiti siya rito. "Salamat, Jason."

"Okay lang ba 'yan? Pasensya ka na talaga, Bea."

"O-okay lang naman." Muli niyang tiningnan ang mga kasuotan.

"Don't worry, hindi nakakabuntis iyan," biro nito sa boxer shorts.

"I know." Inismiran niya ito. "It's just that, first time kong magsusuot ng damit ng iba. At panlalaki pa. Iwan na kita, maliligo na ako."

"Sige at ako naman ay magluluto na ng dinner natin."

KASALUKUYANG inihahanda ni Jason ang lulutuing steak. Hindi niya namalayan ang paglapit ni Bea.

"Jason, " tawag ng babae.

Nilingon niya ang pinanggalingan ng boses nito.

At napalunok siya sa nakita.

Suot nito ang polong puti, pero bukas ang unang dalawang butones sa itaas at ang haba ng polo ay halos tumakip lang nang bahagya sa shapely legs ng dalaga.

"May problema ba, Jason?"

"W-wala." Biglang natauhan ang lalaki sa matagal na pagkakatitig nito sa kaharap. "Upo ka muna diyan at lulutuin ko na itong dinner natin." Tumalikod siya rito. Mahirap nang titigan niya ito nang titigan at baka kung ano ang maisipan niyang gawin.

Ngunit sa kabiglaan niya, tumabi si Bea sa kanya.

"Ano ba ang lulutuin mo? Talaga bang marunong kang magluto?" usisa nito.

"Oo naman." Tumawa siya nang mahina kahit para siyang sinisilaban dahil sa humahalimuyak nitong bango na pumuno sa baga niya. "Supreme steak ang lulutuin ko."

Laking pasasalamat niya nang maupo na si Bea sa upuan at bahagyang nalayo sa kanya.

Habang nakatalikod si Jason ay malaya namang pinagmasdan ni Bea ang binata.

Sampung minuto pagkatapos, nakatitig pa rin siya rito… kahit nakaharap na ito sa kanya.

"Bea…?" mahinang tawag nito sa pangalan niya na gumising sa tila pagkatulala niya. "Gutom ka na ba?"

"Ah… O-oo," natatarantang agad na sagot ni Bea.

"Matagal pa ba iyan?" tanong niya dahil ramdam niyang nagku-coup de etat na ang bituka niya. "Gusto mong tulungan na kita? Baka kasi nahihiya ka lang magsabi na talagang hindi ka marunong magluto," biro niya.

Dinig niya ang payak na tawa ni Jason habang

naghahalo sa kaldero. “Huwag kang mag-alala hindi ka malalason sa niluto ko. Marunong akong magluto,” may pagyayabang na sabi nito.

Lumipas ang ilan pang minuto, luto na ang supreme steak at inihanda ni Bea ang dining table.

“Hindi mo ba gusto ang niluto ko?” tanong nito nang kumakain na sila.

“Gusto. In fact, masarap talaga.”

“Then, bakit sarsa lang ang inuulam mo?”

“On diet ako kasi tabain ang lahi namin,” nahihiyang aniya.

“Gan’on ba.” Dinampot nito ang pinggan ng sandukan ng kanin at sinalinan ng marami ang plato niya. Nilagyan din nito iyon ng maraming ulam.

Nanlaki ang mga mata ng dalaga. “Jason, ano’ng ginagawa mo?”

“Nandito ka sa bahay ko. Bisita kita. Kaya sige, kumain ka. Anong diet-diet, mukha ka na ngang tingting diyan.”

Sumimangot si Bea.

“Bawal ang nakasimangot dito, Miss.” Nanunukso ang ngiti nito.

Napangiti na rin si Bea. Pakiramdam niya ay magaan na ang loob niya sa binata.

“By the way, nagkasya ba lahat ng pinahiram ko?” Pilyo pa rin ang ngiti nito.

“Nagkasya po!” Pinanlakihan niya ng mata ang binata.

4

"We need to find that lady in red skirt," matigas na sabi ni Ho Ming Zxin sa kaharap na si Conrad Gugo. Hawak nito ang picture na nakuha nito sa wallet ni Bea.

"Relax, Mr. Zxin. Nakabuntot na ang ilang tauhan natin sa babaeng iyon. Iyon nga lang, hindi siya nag-iisa."

"What do you mean?"

"Nahuli siya ng *NBI*. Ang ibig sabihin ay tama ang kutob natin na may nagmamanman sa atin sa airport. At tiyak akong maging ang dala nating dokumento ay alam na rin nila ngayon." Ang pekeng Zxin ang may dala ng attache case at napansin nito ang sumusunod dito kaya pumasok ito sa ladies' room at dinampot ang bag sa lababo matapos ibaba roon ang nasabing attaché case.

Nakangising nakatingin si Gugo sa picture muli ng dalaga.

"That was so stupid! And now what? Nagkaproblema tayo ng malaki dahil naroon lahat ng information tungkol sa propaganda natin," sabi

nito sa wikang Fokien. “G, I want you to get rid of my double.”

“I already did, Mr. Zxin.” Tumitig ito sa matanda.

“Good. And what about the lady in that picture?”

Biglang nag-ring ang cellphone ni Gugo kaya hindi ito nakatugon sa amo. Agad na sinagot nito ang tawag at ilang sandali ay agad ding ini-off.

“Nasa San Ildefonso, Bulacan ang babaeng tinutukoy mo, kasama si Agent Henares,” imporma ni Gugo sa matandang Chinese.

“Go now! And kill them both!” sigaw nito.

“I will, Mr. Zxin. Matagal na rin na hindi ako nakakatikim ng babae. Bago ko patayin si Miss Javier ay pagsasawaan ko muna. Sa picture pa lang, mukhang mabango na,” nakangising sabi pa ni Gugo sa wika ng amo.

Tumango lang si Mr. Zxin at sumenyas na umalis na si Gugo. Agad namang sumunod ang huli.

HINDI MAKATULOG si Bea. Nagpasya siyang bumangon at lumabas ng kuwarto. May nakita siyang liwanag mula sa hardin. Lumabas siya at napangiti

nang makitang mula sa buwan ang liwanag ng hardin.

Naupo siya sa iron chair at tumingala sa langit. Pinuno niya ng hangin ang dibdib.

Laman ng isip niya si Jason. Wala pang beinte oras niyang nakasama ang lalaki ngunit pakiramdam niya ay kilala na niya ito.

Mabait pala si Jason, amin niya sa sarili. Hindi lang iyon, guwapo at macho pa. Kahit sinong babae ay hindi pakakawalan ang ganoong klase ng lalaki.

At hindi man niya maamin, parang infatuated na yata siya sa *NBI* agent.

Malapad siyang napangiti muli. Naabutan siya ni Jason sa ganoong hitsura habang pinapanood ang mga bituwin at buwan.

“Bakit hindi ka pa natutulog?” sita nito.

Nagulat si Bea nang may magsalita mula sa likuran niya.

Umupo sa tapat niya ang lalaki.

“J-Jason!” bulalas niya. “Ano’ng ginagawa mo rito?”

Bigla niyang hinila pababa ang polong suot na

umabot lamang ang haba sa kalahati ng mga hita niya. Naaasiwa siyang tumingin sa lalaki dahil wala itong pang-itaas, at tanging kakarampot na boxer shorts lamang ang suot.

"Ako ang dapat magtanong niyan sa iyo. Ano ang ginagawa mo rito?"

"Nagpapahangin. Hindi kasi ako makatulog."

"Sana man lang nagpaalam kang pupunta ka lang sa hardin. Alam mo bang kanina pa kita hinahanap?" asik nito.

"Ano? At paano naman ako magpapaalam sa 'yo, alam ko namang nagpapahinga ka. Teka nga, iniisip mo bang tatakas ako?" galit din niyang untag. Nang hindi kumibo ang binata, muling nagsalita si Bea, "Kasalanan mo naman itong lahat, Jason. Kung iniuwi mo na ako sa talagang tutuluyan ko, eh, di sana hindi ka na nag-aalala sa akin at wala rin akong dapat ipagpaalam pa sa anumang gusto kong gawin." Padabog siyang tumayo, pero agad na napigilan ni Jason ang braso niya at muli siyang hinila paupo sa metal na upuan.

"Nag-aalala lang ako sa iyo," amin nito.

Sumimangot si Bea. "Ang sabihin mo, binabantayan mo ako dahil nag-iisip kang baka

kinontak ko na ang kasamahan kong drug lord. You are—”

Nahintakutan siya nang ilabas ni Jason ang baril mula sa pagkakasuksok na likuran ng boxer shorts. Iniumang nito iyon at mabilis na pinaputok.

Napasigaw ang dalaga.

Bumagsak ang isang lalaki na hindi kalayuan sa likuran niya.

Nahintakutang napayakap si Bea sa *NBI* agent.

“J-Jason, s-sino—?” Hindi pa man niya natatapos ang tanong ay pilit siyang iniyuko nito.

“Dapa!”utos sa kanya ng binata.

Napuno ng ingay ng putok ng baril ang paligid. Napasigaw si Bea nang makitang may pitong lalaki sa mga sulok ng hardin. Napasigaw siyang muli nang makipagpalitan ng putok si Jason na nasa kabilang sulok ng hardin. “Lumayo ka na sa lugar na ito, Bea! Now!”

“Paano ka?” nag-aalalang tanong niya.

“Parating na ang mga kasamahan ko. Umalis ka na. Tumakbo ka na!”

Bagaman alanganin, mas pinili ni Bea ang

lumayo sa palitan ng putukan.

Malapit na siya sa gate nang may humarang sa kanya.

“Hello, Bea. Mas lalo ka palang maganda sa personal,” nakangising anang maliit na lalaki. Nakakatakot ang kislap sa mga mata nito. Parang walang mabuting gagawin.

“S-sino ka?” Tarantang napaurong siya.

Nang makita niyang patuloy sa paglapit ang lalaki ay nagmadali siyang tumakbo. Ngunit agad na nasukol siya nito.

Napangiwi si Bea sa naramdamang sakit nang hilahin nito ang buhok niya. Pilit na iniharap nito ang mukha niya, halos mahalikan na siya.

“Bitiwan mo ako!” nagpupumiglas na asik niya.

“Tinatanong mo kanina kung sino ako? Ako pala si G, ang iyong secret admirer. Nandito ako para patayin ka. Pero bago ko gawin iyon ay hmm….” Inamuy-amoy nito ang buhok at leeg niya. “Talaga palang maganda ka at mabango.” Idinikit nito ang katawan sa katawan niya.

“Bitiwan mo ako! Hayop ka!” tili ni Bea.

Isang suntok sa sikmura ang nagpawala sa ulirat niya. Wala na siyang malay-tao nang buhatin siya ng lalaki papasok sa bahay. Inilapag siya nito sa kama at buong kasabikang pinagmasdan.

NAABUTAN NI JASON na akmang hahalikan ni Conrad Gugo ang mga labi ng walang malay na si Bea.

He literally saw red. Mabilis na hinaklit niya ang nakahubad na noon na lalaki.

“Hayop ka, Gugo! Ako ang harapin mo!” sigaw ni Jason.

Isang malakas na suntok ang sumayad sa pisngi ng lalaki. Natumba ito. Mabilis na tinakpan ni Jason ng napunit na polo ang hubad na katawan ng dalaga.

Dahan-dahang tumayo si Gugo at hinarap ang binata. Humanda naman si Jason sa pagsugod nito. Isang flying kick ang tumama sa panga ng binata. Pero tila hindi ito natinag.

Noon naman nagkamalay si Bea. Dahan-dahan siyang bumangon. Nataranta siya nang makitang punit ang polong suot. Mabilis niyang inayos ang sarili. Nakita niyang nagpapalitan ng suntok ang

dalawang lalaki at ang mga baril nito ay nasa kanyang paanan. Nasukol ni Jason ang lalaki, na siya ring humarang sa kanya kanina. Natumba ang huli at agad na dinaganan ng *NBI* agent. Pinaulanan nito ng marami pang suntok ang mukha ng walanghiya.

Nag-aalalang lumapit si Bea rito.

"Tama na, Jason," awat niya rito. Duguan na ang mukha ng hindi niya nakikilalang lalaki. Dahan-dahang tumayo si Jason at yumakap sa kanya.

"Dapat sa hayop na iyan, pinatay ko na!" anito habang yapos siya.

Gumanti ng yakap si Bea. Pakiramdam niya ay ligtas na ligtas siya sa mga bisig ng binata.

Ilang sandaling nanatili sila sa ganoong ayos hanggang sa kumalma ang kanilang paghinga.

"Nasaktan ka ba?" nag-aalalang tanong nito.

"H-hindi naman." Dahan-dahang kumalas si Bea sa pagkakayakap sa binata. Napatingin ang dalaga sa duguang mama sa sahig. "Sino ang lalaking iyan?" tanong niya.

"Sila ang nagpahamak sa iyo. Sila ang dapat dinakip namin sa airport," anito. "Simula nang umalis tayo sa opisina, sinabihan ko ang kasama kong si

Zander na sundan tayo kahit saan tayo magpunta. May kutob akong matinik ang drug lords na tina-target namin. Malalaman at malalaman nila kung saan tayo nagtago. Kaya nga, nang makita kita na wala ka sa kuwarto ko, masyado mo akong pinag-alala. Alam ko kasing anumang oras ay maaari nila tayong matunton."

Namilog ang mga mata ni Bea sa gulat at takot. "A-ang ibig mo bang sabihin, hindi mo ako idinerecho sa bahay na talagang tutuluyan ko dahil alam mong mapapahamak ako? Kaya rin hindi mo ako iniwan?" untag niya.

Tumango ito.

Bahagyang yumuko si Bea. "Nahihiya ako sa mga reklamo at perwisyong ginawa ko sa iyo. Buong akala ko ay may hinala kang kasama ako ng mga lalaking 'yan." Tiningnan niya muli ang lalaki sa sahig.

Malapad na ngumiti si Jason. "Aaminin ko sa iyo sa simula ay ganoon ang pakiwari ko. Pero nang makita kong may sumusunod sa atin habang nagmamaneho ako, alam ko nang hindi mo sila kasama."

"S-salamat, Jason," naluluhang aniya.

Nagdatingan ang mga kasamahan ni Jason. Nakipag-usap ang binata sa matangkad na lalaking ipinakilala sa kanya bilang si Zander.

Matapos ang ilang sandali, lumapit sa kanya ang huli.

"Miss Javier, finally, makakauwi ka na sa bahay ng pinsan mo," ani Zander nang lapitan siya.

Nilingon niya si Jason na noon ay may iba nang kausap. Pagkatapos ay ngumiti siya sa kaharap. "Ikaw na ba ang maghahatid sa akin?" tanong niya.

"Ako nga."

Nalungkot siya sa narinig at agad na napansin iyon ng lalaki.

"May problema ba?" untag nito.

"Hah? Wala naman. Tayo na," agad niyang bawi sa naramdamang lungkot.

Maghihiwalay na ba sila ng landas ng binata?

Magkikita pa kaya kami uli? naguguluhang tanong niya. Wala siyang makapang anumang kasagutan sa kanyang tanong.

"Pasensya ka na pala, Miss Javier, sa abalang nagawa namin sa iyo. Ginagawa lang po namin ang

aming tungkulin. At kasama sa trabaho namin ang… magsuspetsa."

"Nauunawaan ko," pilit ang ngiting sagot ni Bea.

Eksaktong tumalikod ang dalaga ay saka naman tumingin sa direksyon ng mga ito si Jason. Nagbuntong-hininga ang lalaki. Maging siya ay hindi malaman kung bakit may lungkot sa puso niya. Bakit nga ba hindi siya mismo ang maghatid sa dalaga, samantalang pagkakataon na niya iyon para makilala ito nang lubusan?

Makakalimutan ko rin siya, simpleng sagot ni Jason sa nagmamarakulyong damdamin. Nang nakasakay na at umandar ang kotseng maghahatid kay Bea, pakiramdam ni Jason ay lalong bumigat ang dibdib niya.

"PINSAN!" napasigaw na ani Mumay nang malamang si Bea ang nag-doorbell.

"Mumay!" Napayakap siya sa babae.

Hinila siya nito papasok sa loob ng bahay at pinaupo sa sofa.

"Ano'ng nangyari sa iyo? Namuti ang mga mata

ko sa paghihintay sa airport, pero walang Bea na dumating. Kaya naisip ko, baka nagbago na naman ang isip mo at hindi ka na naman magbabakasyon sa Pilipinas!" usig nito sa kanya.

"Mahabang kuwento, Mumay. Gusto ko munang magpahinga. Kung okay lang, saka na lang tayo magkuwentuhan."

Nagtataka man sa ikinilos niya ay agad na tumango si Mumay. Pero may napansin pa ito.

"Nasaan ang bagahe mo? Bakit ganyan lang ang suot mo?" Nagtaas-baba ang tingin nito sa kanya. Naghisterya ito. "Nabiktima ka ba ng rape? Diyos ko! Tumawag tayo ng pulis!" nag-aalalang bulalas nito.

Umiling si Bea. "Mumay, please saka ko na ipaliliwanag sa iyo ang lahat. Sa ngayon, ang gusto ko lang ay mag-shower at magpahinga." Iniwan na niya ito sa living room bago pa ito muling mag-usisa.

Nasa puno na siya ng hagdanan nang marinig niya ang ring ng telepono at ang malakas na pagtawag sa kanya ni Mumay.

Napabuntong-hininga na lamang si Bea at muling humakbang pabalik sa sala.

"Para sa iyo," anang kanyang pinsan.

"Sino daw?"

"Si Anna Marie daw."

Agad niyang kinuha ang receiver at kinausap ang kaibigan.